**Mahal na Birhen *del Pilar***

Upang higit na natin naunawaan ang kasaysayan ng Birhen ng del Pilar sagutin natin ang mga tanong na ito. Ano po ang naganap noon at doon sa Zaragoza, Espana?

Si apostol Santiago ay humayo patungo sa peninsula ng lberya na noon ay ang buong lupain ng Portugal at Espanya. Ito ay pagkatapos ng pagbaba ng Espirito Santo sa kanila (Gawa ng mga Apostol, 2,1-4). At si apostol Santiago ay lumisan upang ipangaral si Jesus. Balikan po natin sa atin isipan na bago si Jesus ay umakyat sa Langit, ang Kanyang mga alagad ay Kanyang pinagbilinan ng ganito, "*go out to the whole world and proclaim the Good News to all creation*" (Mark 16,15).

At sila nga lahat ay sumunod, naglakbay sa iba't ibang panig ng daigdig. Si apostol Santiago ay pumunta sa peninsula ng lberya. Datapuwa't sa kanyang mga naunang buwan, siya ay hindi naging matagumpay. Dahil dito siya ay nag-aalinlangan at nawalan ng pag-asa. Nais na niyang sumuko, bumitaw at umuwi na lang sa Jerusalem.

Subalit ang mahal na Birhen Maria, tulad ng isang maawaing Ina ay nagmalasakit at kumalinga sa kanya. Upang pag-alabin ang puso ni apostol Santiago at bigyan ng panibagong pag-asa, ang mahal na Ina ay nagpakita sa kanya. Siya ay nakaupo sa isang pilastro o sa isang pedestal.

May pag-alala at pagmamahal na winika ng mahal na Ina "*behold, my son, the designated and chosen place in my honor. Take full attention on this Pillar upon which my feet rest. My Son, who is your Master, brought this from heaven through his angels, and you will put up an altar beside this Pillar, the power of the Most High will perform extraordinary wonders in this place upon those who will come to seek assistance. This pillar will remain until the end of the world, and authentic Christians will never be lacking in this city*." At mula dito ang mahal na Ina ay tinawag doon sa Zaragoza na Birhen del Pilar.

Mga kapatid, ang pilastro o ang *pillar* sa wikang English ay nangangahulugan para sa sa atin ng haligi, pundasyon o panukulang-bato.

Ano po ang nais iparating sa atin ng atin mahal na Birheng Maria?

Ang buong buhay ng ating mahal na Birheng Maria ay para sa kanyang anak na si Jesus. Ang lahat ng kanyang salita at gawa ay patungkol kay Jesus. Ang ninanais ng ating mahal na Birheng Maria mula sa atin ay ang ating pagkilala, pagtanggap at pagsunod kay Jesus. Ang habilin niya sa mga utusan doon sa kasalan sa Cana ng Galilea nang sila ay maubusan ng alak na tumutukoy kay Jesus, "*do whatever he tells you*" (John 2,5) ay patungkol din po sa atin.

Samakatuwid una, nang ang mahal na Birheng Maria ay nagpakita kay apostol Santiago na nakaupo sa pilastro, nais niyang ipahayag na si Jesus ang haligi, ang pundasyon ng ating pananampalataya. Si Jesus ay sandigan ng atin buhay. Siya ang batayan natin lahat, gaya ng Kanyang sinabi "*the stone that the builders rejected has become the cornerstone*" (Matthew 21, 42).

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, sino ang inyong nilalapitan, pinanaligan sa inyong buhay? Ano ang inyong pinaghahawakan dito sa daigdig? Huwag tayong umasa sa ating pansariling kakayahan. Huwag natin isangkalan ang ating kalusugan at katungkulan. Huwag tayong kumapit o umasa sa ating kayamanan o sa atin kapangyarihan. Ang lahat ng mga ito ay lumilipas, kumukupas at nagwawakas. Si Jesus lamang ang nagtatagal. Siya lamang ang walang hanggan. At sa Kanya tayo kumapit at humawak. Siya ang atin aasahan dito sa lupa.

Mangyari pa ibinibigay sa atin ng mahal na Birheng Maria ang kanyang anak na si Jesus para sa ating kagalingan at kaligtasan. Nais ipamalas ng atin mahal na Birheng Maria na kapag tinanggap natin si Jesus, tayo ay tiyak na magtatagumpay sa ating buhay.

**Ikalawa**, nang ang mahal na Birheng Maria ay nagpakita kay apostol Santiago na nakaupo sa pilastro, ipinakilala ng mahal na Ina na si Jesus ang ating kalakasan at katatagan sa atin buhay. Ang pilastro, o ang *pillar* ang siyang nagbibigay ng suporta sa bahay o sa gusali, at nagbibigay sa mga ito ng katatagan upang hindi gumuho. Naitatayo ay alin man bagay dahil sa lakas at tibay ng pilastro, *pillar* o ng pundasyon.

Balikan po natin, mga kapatid, ang paalala ni Jesus na "*anyone who hears these words of mine and acts accordingly is like a wise man, who builds his house on rock*" (Matthew 7,24). Ang buhay natin ay nararapat naaayon at batay kay Jesus. Sa Kanya tayo nararapat nakatayo at nakakapit. At kung nakakapit tayo kay Jesus tiyak na tayo ay Iigtas laban sa mga karamdaman at kagipitan sa buhay, laban sa mga pagsubok at pasanin. Mapagwawagian natin ang lahat ng mga tukso at hindi tayo maigugupo ng mga pag-aakit ng diyablo o ng materyalismong mundo.

Mga kapatid, sa totoo lang po ang tunay natin kailangan sa ating buhay at dito sa daigdig ay hindi ang kayamanan, hindi ang katanyagan, hindi ang kapangyarihan. Ang talagang kailangan natin ay walang iba kundi si Jesus. At ito ang dahilan ng pagpapakita ng mahal na Birheng Maria na nakaupo sa pilastro, sa *pillar*. Si Jesus ay sapat na sa atin. Siya ang lahat lahat sa ating buhay. At kung si Jesus ay nasa ating buhay, wala na tayong hahanapin pa dito sa lupa.

Kaya naman isang paalala na si Jesus ang ating hanapin, ating tignan at inyong lapitan. At ngayon Siya, si Jesus, ay ibinibigay sa ating ng ating mahal na Ina, ang Birheng del Pilar.

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair